# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 25, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECORDED By: [signature] 18 DEC 2024 Sangguniang Bayan Office Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ LAGUNA RELEASED, NAME: [signature] DATE: 12/19/24 TIME: ____

**KAPASIYAHAN BLG. 433-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 060-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2024 NG BARANGAY SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG HONORARIUM NG MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BARANGAY, KALIHIM AT INGAT-YAMAN NG PAMAHALAANG BARANGAY PARA SA SUSUNOD NA TAON 2025 NA NAAAYON SA SALARY STANDARDIZATION LAW.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Juan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 060-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2024 na nagtataas honoraria ng Sangguniang Barangay para sa taong 2025 na naaayon sa Salary Standardization Law;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 060-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2024 ng Barangay San Juan, Santa Cruz, Laguna na nagtataas ng honorarium ng mga miyembro ng Sangguniang Barangay, Kalihim at Ingat-Yaman ng pamahalaang barangay para sasusunod na taon 2025 na naaayon sa Salary Standardization Law.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 25, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

12/13/24
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

12/17/24